# MGA BAGAY NA DAPAT PAGTUONAN NG PANSIN UKOL SA COVID-19 PANDEMIC

*by:*
**Reysie S. Inieto**

Ang pagtaas ng kaso ng COVID-19 sa ating bansa ay lubhang nakaaapekto sa kalusugan ng mga tao, ating turismo, at pangkabuhayan ng mga mamamayang Pilipino, at ito ang isa sa mga suliranin ng ating bansa sa kasalukuyan na nararapat na masolusyonan ng susunod na Presidente.

Mayroong ilang mga bagay na dapat pagtuonan ng pansin at bigyang pagpapahalaga ukol sa COVID-19 pandemic partikular na ang usaping pangkalusugan. Una rito ay pagbibigay ng mga pangangailangan ng mga healthcare workers at frontliners na binubuwis ang kanilang mga buhay dahil sila ang unang nakasuong laban sa pandemya. Pangalawa ay ang pagkakaroon ng free mass testing, maayos na contact tracing sa bansa, at pagbibigay ng libreng bakuna sa mga mamamayan dahil hindi naman sapat ang pagpapatupad ng lockdowns at community quarantines lamang upang makontrol ang pagkalat ng virus. Kasabay ng patuloy na pagtaas ng kaso ng COVID-19 ay ang pagbagsak ng ating turismo dahil maraming tourist spots sa bansa ang nagsara at maraming mga tour guides naman ang nawalan ng trabaho. Ilang mga kompanya at negosyo din sa bansa ang nagsara at itinigil muna ang operasyon. Dahil dito maraming mamamayan ang nawalan ng trabaho na siyang pinagkukunan nila ng pangtustos sa pangangailan nila at ng kanilang pamilya sa araw-araw. Para ipaliwanag, kung magkakaroon ng maayos na pamamahala upang tuluyang mapapababa ang kaso ng COVID-19 sa ating bansa, tuluyan ding mapapasigla ang turismo sa Pilipinas at magkakaroong muli ng mga oportunidad ang mga mamamayan na makapaghanapbuhay.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang COVID-19 pandemic ay lubhang nakaaapekto at nakakapangamba sa buong mundo at hindi lamang sa Pilipinas. Kung susumahin, mahigit dalawang taon na tayong nananatili sa tinatawag na "new normal" at hindi naman nating gugustuhin na madagdagan pa ang mga taong ito. Kung hindi mapapabuti o mawawakasan ang pandemya sa kasalukuyan, patuloy tayong malilimitahan na gawin ang mga bagay na nais nating gawin.

*References:*

Pagtugon ng pamahalaan sa COVID-19 pandemic 'di sapat | Pang-Masa (philstar.com)

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan